Presented at the DLSU Research Congress 2015
De La Salle University, Manila, Philippines
March 2-4, 2015

# Ang Bangis ng Kaisipang Postmodernismo sa Kultura ng Kabataan: Pagsasakultura ng Ebanghelyo sa Pamamagitan ng Media

Dalmacito A. Cordero Jr.
*De La Salle University – Manila / De La Salle – College of St. Benilde*
*dalmacito.cordero@dlsu.edu.ph / dalmacito.cordero@benilde.edu.ph*

**Abstract**: Join ka ba 'tol? Ang mga salitang ito ay isa mga karaniwang katanungan na sinasambit ng isang kabataan upang hikayatin ang iba na sumama sa kanyang hindi kaaya-ayang gawain. Sa kultura ng mga kabataan kasalukuyan, ang lason ng kaisipang postmodernismo ay patuloy na kumakalat sa kanilang pagkatao. Isa itong kaisipan na kumikiling sa kalayaan ng tao na ipahayag ang sarili na hindi kinakailangang naaayon sa batas sapagkat ito mismo ay pabagu-bago at depende sa kulturang ginagalawan. Walang ganap na katotohanan kundi ito ay iba-iba sa pananaw ng bawat tao at sa kanyang kultura na kinabibilangan. Sa saliksik na ito, ipinaliwanag ang epekto ng kaisipang postmodernismo sa dalawang aspeto kaugnay sa kultura ng kabataan: ang sekswal na imoralidad at ang karahasan. Pinili ang mga isyu ng premarital sex sa unang aspeto at ang masalimuot na ritwal na hazing na isinasagawa sa mga fraternities sa ikalawa. Ginawa ito sa pamamagitan ng masusing pag-uugnay ng mga katangian ng kaisipang ito ayon sa ipinapahayag at ikinikilos ng mga kabataan. Tinalakay rin ang impluwensya ng kaisipang ito sa isa sa pinakasikat na elemento sa lipunan – ang media. Nagbigay ng mga halimbawa sa mga iba't-ibang anyo ng media na kung saan nasasalamin ang kaisipang ito. Dahil sa suliraning ito, pinagsumikapang tuklasin ang mabisang paraan para patingkarin ang papel ng Ebanghelyo sa kultura ng mga kabataan. At sa huli, napatunayan na ang media mismo ay isa sa mga mabisang paraan o istratehiya sa silid-aralan para labanan ang salot na ito. Ang pagsasalin at paglalapat ng mga aral ng Ebanghelyo ay isinagawa sa mga iba't-ibang anyo ng media. Ito ay mahirap at mabusising paghahanda para sa mga guro pero mabisa naman at nakakapagdulot ng ginhawa ng kalooban bilang isang tagapagturo.

**Mga Susing Salita:** kabataan; postmodernismo; karahasan; sekswal na imoralidad; media

## PANIMULA

Oh Shit! Yummy! Ito ang mga nakakagulat na mga katagang narinig ko sa isa sa tatlong mag-aaral na kumakain ng hamburger sa pasilyo ng isang gusali dito sa La Salle. Sa buong akala ko ay tinutukoy niya ang masarap na hamburger na kanyang kinakain ngunit mali pala ako. Lahat sila ay nakatitig sa isang maganda at maalindog na babaeng dumaan sa kanilang harapan. Ito ay nakasuot ng damit pantaas na hapit na hapit sa kanyang katawan at maikling palda. At ng makaraan na ito, sabay-sabay silang sumunod ng tingin sa likuran ng babae sabay sambit ang mga mapaglinlang na mga katagang iyon. Hinaluan pa ito ng nakakaloko at mahinang tawanan. Animo'y para silang mga gutom na leon na handang sagpangin ang isang walang labang tupa. Dahil sa pangyayaring ito, aking napagtanto kung gaano na kababa ang moralidad ng mga kabataan sa kasalukuyan. Sa kanilang makabagong kultura, ang ilan sa kanila ay tahasang babad na pagdating sa mga usaping sekswalidad at karahasan. Ito marahil ang dulot ng kaisipang postmodernismo, isang kaisipang kumikiling sa maluwag na pagtanggap at pagsunod sa batas, maging ito ay sa kalikasan o moralidad. Ang mahalaga ay ang kalayaan ng tao na ipahayag

ang sarili na hindi kinakailangang naaayon sa batas sapagkat ang batas mismo ay pabagu-bago at depende sa kulturang ginagalawan.

Sa pag-aaral na ito, aking tatalakayin ang masamang impluwensiya ng postmodernismo sa dalawang aspeto sa kultura ng kabataan: sekswal na imoralidad at karahasan. Tatalakayin ko rin ang epekto nito sa isa sa pinakamaimpluwensyang elemento sa lipunan – ang media. Magbibigay ako ng mga halimbawa sa mga iba't-ibang anyo ng media na kung saan nasasalamin ang kaisipang ito. Bilang isang guro ng Teolohiya, akin ding pagsusumikapang tumuklas ng mabisang paraan para patingkarin ang papel ng Ebanghelyo sa kultura ng ating mga kabataan. Sa bandang huli, hangad ko na maliwanagan ang kanilang pag-iisip at mapagtanto na mas may katuturan ang mga maka-Diyos na gawain kaysa sa mga makamundong gawi. Nararapat na makintal sa kanilang puso at isipan na mas may katuturan ang pagkiling kay Kristo kesa sa kung anuman ang naibibigay na layaw ng mundo.

## ANG LASON NG KAISIPANG POSTMODERNISMO

Ang postmodernismo ay isang kanluraning teoryang kritikal na pinabubulaanan at tinututulan ang mga itinalaga at naiambag ng panahong modernismo. Ibig sabihin nito, walang tiyak at eksaktong katotohonan ang inihahain sa atin ng siyensya kung kaya't dapat nating pagdudahan ang mga teorya at paniniwala na binuo nito. Kabiguan lamang ang naidulot nito kung kaya't hindi naman napabuti ang kalagayan ng mundo. Malawakan pa rin ang pagbagsak ng ekonomiya at kabilaan ang giyera sa ibat-ibang bansa. Sa postmodernismo, lahat ng mga teorya at paniniwalang ito ay maaaring magbago dahil sila ay bunga at likha lamang ng lipunan o mga social constructs na nagbabago rin naman. Katulad ng nabanggit sa itaas, ang mahalaga ay ang kalayaan ng tao na ipahayag ang sarili na hindi kinakailangang naaayon sa batas sapagkat ang batas mismo ay pabagu-bago at depende sa kulturang ginagalawan. Kumbaga sa isang aklat, ang kahulugan na nais iparating ng may-akda nito ay walang saysay kundi ang bumabasa mismo ang nagbibigay ng kahulugan sa kanyang aklat. At dahil marami ang nagbabasa, maaaring marami din ang interpretasyon ng katotohanan tungkol dito at posible rin namang taliwas sa nais ipa-kahulugan ng may-akda. Itinanim sa ating isipan ng modernismo na kailangang may iisang ganap na katotohanan o absolute truth na nagbubuklod sa lahat ng bagay ngunit taliwas dito ang postmodernismo na nagsasabing wala ito at kung meron man, may iba-ibang interpretasyon ito sa iba't-ibang sulok ng mundo at iba-iba rin ang pananaw ng bawat tao. Ang katotohanan ay iba-iba sa bawat kultura at kasunod nito ay ang pagbabagu-bago ng moralidad ayon sa napagkasunduan ng mga tao sa partikular na panahon. Ano ang kahulugan nito pagdating sa usaping ispiritwal at moralidad? Simple lang, dahil walang ganap na katotohanan sa mundo at ang Diyos ng Kristiyanismo ay ang ganap na katotohanan o Absolute Truth, samakatuwid, walang Diyos. Sa mas maluwag na usapin, dahil ang katotohanan ay may maraming mukha at naiiba sa bawat pananaw ng mga tao, maaaring may Diyos para sa akin pero sa iyo ay wala o sa kabaliktaran. Kasunod nito ay ang hindi paniniwala na may ganap na batas ng moralidad. Ang moralidad ng tao ay maaaring magbago batay sa kanilang napagkasunduan at depende rin sa pangangailangan. Iba-iba rin ang moralidad sa bawat kultura. Kung anu ang masama sa Pilipinas ay maaaring mabuti naman sa ibang bansa at ang masamang ito ay maaaring maging mabuti sa kalaunan. Ayon nga kay Ruth Merttens (1994), ang postmodernismo ay nauugnay din sa kaisipang post-structuralist na kung saan salungat ito sa diwa ng Kristiyanismo at ito rin ay hindi makatao. Mula sa mga paglalarawang ito, makikita natin ang hindi kanais-nais na katangian nito sa aspeto ng moralidad at ispiritwalidad ng mga tao.

## EPEKTO NG POSTMODERNISMO SA KULTURA NG KABATAAN

Napakatingkad ng mga epekto ng kaisipang postmodernismo sa kultura ng mga kabataan sa kasalukuyan. Sa karanasan na inilahad ko sa panimula ng artikulong ito, ang moralidad ng mga kabataan ay tunay na unti-unting nahuhulog sa patibong ng postmodernismo. Tatalakayin ko ang mga epektong ito sa dalawang aspeto: sekswal na imoralidad at karahasan.

Maraming kabataan ngayon, Kristiyano man o hindi, ang walang takot na nakikisangkot sa premarital sex o ang pakikipagtalik ng hindi pa o bago pa man ang sakramento ng kasal. Ibinabalik nito ang tinatawag na Sexual Revolution noong 1960-1980 na nangyari sa mga kanluraning bansa. Binago nito ang buong balangkas ng pag-iisip sa Amerika pagdating sa sex. Nasa karapatan daw ng tao kung gusto niyang makipagtalik kahit hindi pa siya kasal (Risman at Schwartz, 2002). Ibig sabihin lang nito, nasa kagustuhan na ng tao kung gusto niyang makipagtalik kahit hindi naaayon sa estado niya sa

buhay. Dagdag pa ni David Allyn (2000), ang CEO ng Oliver Scholars, isang organisasyong naglilingkod sa mga kabataan, inuuna daw ng mga kabataan sa panahon na ito ang mga luho at "pasarap" sa buhay kaysa ang kanilang kinabukasan. Bakit kaya nangyayari ito kahit sa kasalukuyan? Isinasaad ng postmodernismong kaisipan na walang sinuman ang nag-aangkin ng kung ano ang ganap na tama kung kaya't may kalayaan ang lahat na gawin ang bagay na naisin niya kung para sa kanya ito ang tama. May mga kabataan na hindi kumikilala sa batas ng moralidad. Ang mas malalang paglalarawan pa nga ni John Sinclair, lahat daw ng tao ay dapat may kalayaan na makipagtalik kung kailan at saan niya gusto… maaaring sa kama, sa sahig, sa upuan, sa kalye, sa parke, o sa damuhan man" (Farber, 1994). Nakapanlulumo ang mga pangungusap na ito. Kung noon ay sikat pa ang katagang true love waits na nangunguhulugang ang pakikipagtalik ay kayang makapaghintay hanggang matapos pa ang kasal, ngayon ay true love permits na. Ibig sabihin, kung talagang totoo ang pagmamahal ng kasintahang babae, kailangang patunayan niya ito sa kasintahang lalaki sa pamamagitan ng sex, hindi sa dama kundi sa kama, at hindi rin sa puso kundi sa puson. Ayon nga sa pagsasaliksik ng University of the Philippines Population Institute (UPPI) at Demographic Research and Development Foundation, Inc. (DRDF) na tinatawag na 2013 Young Adult Fertility and Sexuality Study, isa sa bawat tatlong kabataan sa Metro Manila na may edad na 15-24 taong gulang ay may karanasan na sa pakikipagtalik o sex bago pa man ikasal (Aquino, 2014). Dahil dito, hindi kaduda-duda na malaking bahagdan din sa mga kabataan ang nabubuntis ng wala sa panahon at ilan sa kanila ay may sakit na AIDS (Acquired Immune Deficiency Syndrome) o anumang STD (Sexually Transmitted Diseases).

Pagdating naman sa usapin ng karahasan, iminumungkahi rin ng postmodernismo ang kalayaan ng tao na mag-aklas, magtipon sa kalye, at minsan ay maging marahas kung kinakailangan sa tuwing makakaranas siya ng maling pagtrato sa lipunan. Nasaan na kaya ang paraaan ng mahinahong usapan o dayalogo? Datapwa't likas sa tao na maramdaman niya na siya ay kabilang sa isang komunidad dahil nagbibigay ito ng pagkilala o sense of belonging sa kanyang kahalagahan bilang isang bahagi ng lipunan, dapat niyang siguraduhin kung ano ang mga adhikain ng mga samahang ito. Isang halimbawa nga nito ay ang mga "itim" na kabataan o "black teens" sa Amerika na dayo sa mga paaralan at sila ay nakakaranas ng racial discrimination mula sa mga "puti". Ayon sa sikat na manunulat na si Mark Anthony Rockeymoore (2012), ang pagtatangi-tangi o discrimation ay karaniwan ng nangyayari sa Amerika, bahagi na ito ng kultura. Ito ang dahilan kung bakit nagtatayo sila ng mga kapatiran o brotherhood. Ito ang teorya na naiisip ko kung bakit may mga kabataang sumasali sa mga fraternities at sororities. Isa raw itong kapatiran o brotherhood na kumikilala sa mga kabataang hindi nakadama ng pagtanggap sa lipunan o sa sariling pamilya mismo. Ngunit paano mo masasabi na kapatiran ito kung ang ilan sa mga ritwal nito ay pawang karahasan at pang-aabuso ng mga miyembro. Isa na rito ang ritwal sa pagtanggap ng mga neophytes o mga bagong kasapi na tinatawag na hazing. Ang ritwal na ito na isinasagawa para maging opisyal na miyembro ay tunay nga naman na hindi katanggap-tanggap na pamamaraan dahil sa hirap at sakit na dulot nito. Ngunit ayon kay Stephen Sweet (1999), inilarawan niya ang hazing bilang pakikipagkapwa sa samahan para tunay nga na maging kabilang ang isang kabataan. Ang pagsasalarawang ito ni Sweet ay maaaring hindi katanggap-tanggap ngunit ito lamang ang paraan para maramdaman ng neophyte ang init ng pagtanggap sa kanya. Hindi lang pasa at sugat ang maaaring matamo ng mga neophytes kundi minsan ay kamatayan mismo. Kamakailan lang, naiulat ng Philippine Star ang pagkamatay ng isang mag-aaral ng De La Salle - College of St. Benilde na si Guillo Servando dahil sa hazing (See 2014). Isa lamang ito sa maraming kaso na ng pagkamatay na may kinalaman sa masalimuot na ritwal na ito ng mga fraternities. Bilang karagdagan, isa rin sa mga initiation rites ng ibang mga fraternities ay ang sapilitang pakikipagtalik ng mga opisyal nito sa mga baguhang babae. Hindi ba ito maituturing na panggagahasa o rape? Sa isang pag-aaral na isinagawa nina Martin at Hummer (1989), kanilang pinagtibay na ang fraternities ay nagsisilbing pagkakataon para mag-udyok ng pang-aabuso lalo na sa mga kababaihan. At ito nga ay pinatunayan ng isang artikulo na lumabas sa Family Relations na kung saan nasa 20-25% ng mga kababaihan sa kolehiyo ang nagiging biktima ng pang-aabuso ng sila ay samali sa mga kapatirang ito (Boeringer, Shehan, at Akers, 1991). Ibig sabihin nito ay talagang bahagi na ng kultura ng mga ibang fraternities ang sapilitang pakikipagtalik ng mga opisyal nito sa kanilang mga bagong miyembro. Ito ay kinakailangan o isang requirement kumbaga. Naniniwala sila na ito ang batayan ng tunay na sinseridad para maging kaisa sa kanilang adhikain. Walang magagawa ang isang neophyte kundi ang magparaya dahil kaya niyang isuko ang kanyang pagkababae kapalit ng pag-ampon sa kanya ng kapatiran na kung saan magiging bukas ang

pagtanggap sa kanya na hindi tulad ng naranasan niyang pagtanggi sa sariling pamilya o ng lipunan. Tunay nga na nakakalungkot ito. Ang tanong, paano nga ba kumalat ang ganitong lason sa kultura ng mga kabataan? Ano ang nagsilbing tulay upang mapabilis ang pagnito sa kaisipan nila?

## ANG MEDIA BILANG TULAY NG POSTMODERNISMO

Naging ganito kabaluktot ang pag-iisip ng ilang kabataan dahil na rin sa mga postmodernismong kaugalian na ipinapakita at itinataguyod ng isa sa pinaka-maimpluwensyang institusyon sa lipunan - ang media. Bagamat maraming kabutihan ang dulot ng media pagdating sa kaunlaran at pagbabago, ginamit din itong tulay para lumaganap ang postmodernismong kaisipan. Ang midyang pangmasa o mass media ay ang mga pamamaraan ng komunikasyon na nakakaabot sa maraming tao sa mas mabilis na oras o panahon. Nasasaklaw nito ang iba't-ibang anyo: ang print media tulad ng mga pahayagan, magasin, at aklat; ang broadcast media tulad ng radyo at telebisyon; at ang digital media na kinabibilangan ng internet. Kasama na rin dito ang sikat na mga social networking sites tulad ng Facebook at Twitter na kung saan ginugugulan ng malaking oras ng maraming kabataan sa kasalukuyan.

Magbibigay ako ng mga halimbawa sa bawat anyo ng media na nabanggit. Sa usaping premarital sex, maraming programa sa telebisyon ang nagpapakita ng kalaswaan at ang saya ng pananabik na nadarama ng kabataan pagdating sa sex tulad ng *The Joy of Teen Sex* at *Skins*, parehong TV series sa Britanya na tumatalakay sa iba't-ibang karanasang sekswal ng mga kabataan. Ang *Gossip Girl* naman ang katumbas nito sa Amerika at sa katunayan, meron pa itong bersyon na aklat. Sa isang artikulo na sinulat ni Lesley Kennedy (2011), sinabi ni Lindsey Dunn, isang katiwala ng aklatan sa North Carolina, na malaki ang itinaas ng bahagdan ng mga programa sa telebisyon at pelikula na may temang sex at isa na rito ang Gossip Girl.

Dito naman sa Pilipinas, isang programa sa telebisyon ang ipinapalabas at minsan ay may temang sekswalidad. Kahit hindi tuluyan o deretsahan ang nais ipakahulugan, malaswa pa rin lalo na sa mga kabataan, ito ang *Gandang Gabi Vice* (GGV). Bagama't minsan nakakaaliw dahil sa pagpapatawa ng kumidyanteng si Vice Ganda, minsan din naman ay sumusobra na ang kanyang mga pananalita tulad ng lagi niyang tinatanong kung may pan-tuition na o may nagpapa-aral na sa mga binatang bisita. Nais nitong ipahiwatig na maaari niyang suportahan ito sa pag-aaral kapalit ng pakikipag-relasyon o sa tahasang salita – sex! Hindi lang yun, lagi rin niyang tinatanong ang mga bisita, mapa-babae man o lalaki kung "virgin" pa sila o wala pang karanasan sa sex. Pinupunto ng tanong na ito na sa panahon ngayon, marami ng kabataan ang may karanasan na sa sex. Isa na itong trend ika nga. Kaugnay nito, kamakailan lang ay naging kontrobersyal ang pagrampa ng mga modelo ng kumpanya ng Bench sa kanilang underwear collection na may pamagat na *The Naked Truth*. Halos wala ng saplot sa katawan ang mga ito, kapirasong tela na lang ang naiiwan. Dati-rati'y sa mga magasin lang nakikita ang mga ito pero ngayon ay ine-ere na sa telebisyon. Ang mas malala pa nun ay ang pagrampa ni Coco Martin, isang sikat na artistang binata, na may kasamang babae na animo'y isang aso ang pagkilos. Hawak ni Coco ang tali na nakakabit sa leeg ng babae habang gumagapang ito at sunud-sunuran. Isa itong kalapastangan sa dignidad ng kababaihan. Ang tao ay hindi dapat umastang hayop.

Sa pelikula naman, sobrang popular ang naging hatak ng The Virginity Hit noong 2010 at It Felt Like Love noong 2013. Ang parehong pelikula ay gawa sa Amerika. Umiikot ang kwento nito sa karanasan ng pakikipagtalik ng mga kabataan. Ang mga naging pelikula nina Diana Zubiri at Francine Prieto tulad ng *Liberated 1* at *2* ang naging katumbas naman nito sa Pilipinas. Kasama na rin dito ang pagkalat ng samu't-saring sex scandal videos na ini-upload sa internet at inilagay sa mga digital video discs (DVD) para mapanuod gamit ang computer o telebisyon.

Gayundin naman, walang pinagkaiba sa mundo ng musika. Maliban sa postmodernismong kasuotan ng mga mang-aawit na nakabuyangyang ang halos na hubad ng katawan tulad ni Lady Gaga at Miley Cyrus sa kanilang mga music videos (MTV) na *Born This Way* at *Wrecking Ball*, matinding kalaswaan rin ang nilalaman o mensahe ng mga ilang awit. Ang mga titik o lyrics ay nag-uudyok din ng pakikipagtalik tulad na lang ng awitin ng FilAm na si Bruno Mars na *The Lazy Song*. Narito ang bahagi ng kabuuan ng lyrics:

> Tomorrow I'll wake up, do some P90X
> Meet a really nice girl, have some really nice sex
> And she's gonna scream out: 'This is Great'
> (Oh my God, this is great!)Yeah…

Ang mensahe ng awiting ito ay kapag nainip ka at walang magawa, lumabas ka lang ng bahay, magpunta sa mall o sinehan at maaari kang

makahanap ng katalik o ka-sex. Binibigyang diin nito ang imoral na gawaing *one night stand* o pakikipagtalik ng walang kasamang pagmamahal at responsibilidad.

Pagdating naman sa tema ng karahasan, hindi rin nagpahuli ang media sa pagpapakita ng postmodernismong katangian. Naging popular at kaaya-aya sa mga kabataan ang mga video games tulad ng *Dead Space 2, Assassins' Creed, Manhunt*, at marami pang iba na nagpapakita ng nakapanlulumong imahe at mensahe ng karahasan. Ang mga nilalaman nito ay walang patumanggang pagtilamsik ng dugo at walang kamatayang patayan. Ayon nga sa website ng Questia na may pamagat na *Youth Violence*, ang karahasan sa mga programa sa telebisyon at mga video o computer games ang isa sa mga posibleng dahilan kung bakit bayolente o marahas din ang mga kabataan. Ayon sa mga saykayatris, nagdudulot ito ng pagkamanhid ng mga kabataan sa anumang karahasan at hindi nila namamalayan na nagiging bahagi na ito ng kanilang mga sarili at may posibilidad na gayahin nila ang pagka-marahas ng mga bida sa mga larong ito. Kung kaya't marahil isa ito sa mga naging dahilan ng mga naganap na school massacres sa Amerika. Halimbawa nito ay ang pamamaril ni Adam Lanza, isang 20 taong gulang na kabataan sa isang paaralan sa Connecticut na ikinamatay ng 26 na katao kabilang na ang sarili niyang ina at sa huli ang pagbaril sa sarili (Barron, 2012).

Ang mga ito ang malaking hamon kung paano itutuwid ang nabaluktot na isipan ng mga kabataan, kung paano tatanggalin ang lason ng postmodernismo sa kanila. May pag-asa pa ba? May talab pa kaya ang Ebanghelyo sa mga kabataan o maglalabas-pasok nalang ang mga aral nito sa kanilang mga tainga at pag-iisip? Anong metodolohiya sa pagtuturo ng mga guro ang nararapat at epektibo para may lalim at tumimo ang mga aral ng Ebanghelyo?

## MEDIA: ANG PAGSASAKULTURA NG EBANGHELYO SA KULTURA NG MGA KABATAAN

Sa kabila ng napakalaking hamon na ito, naniniwala ako na may pag-asa pa. Hindi natin dapat hayaan na tuluyang malugmok ang moralidad ng mga sinasabing pag-asa ng ating bayan - ang mga kabataan. Bilang guro, limitado ang aking impluwensya sa aking mga estudyante dahil dumadaan lamang sila sa aking pagtuturo ng halos tatlong buwan lamang o isang termino. Gayun pa man, hindi ito nangagahulugang walang patutunguhan ang aking pagtuturo at pakikisalamuha sa kanila. Katulad nga ng ginawa ng misyonerong si Vincent Donovan sa pakikisalamuha sa mga Masai sa Aprika, ang mahalaga ay maipunla ang binhi ng pananampalataya at hayaan ang mga Masai mismo na palaguin ito dahil sa bandang huli, kailangan din niyang lumisan (Donovan, 1991). Sa ganang akin, naniniwala akong magiging mas may talab ang ebanghelisasyon, ang pagsupil sa postmodernismong kaisipan sa mga kabataan kung magkakaroon ng isang mabisang metodolohiya sa pagtuturo. Ano at paano ito gagawin? Kung sa media nalululong o umiikot ang mundo ng mga kabataan ay ito rin mismo ang ginamit at ginagamit ko bilang istratehiya ng aking pagtuturo. Napakalaki ang impluwensya nito sa paghubog ng isipan at paniniwala ng mga kabataan. Noong ngang 2009, si Pope Emeritus Benedict XVI mismo ay nagbigay ng negatibong puna sa mga epekto ng media. Ayon sa kanya, ang media minsan ay nagsisilbing lason na nagpapadilim sa ating mga pagmumukha (EU Times, 2009). Sa mga katagang ito, nararapat talagang padalisayin at ire-channel ang mass media upang hindi maging lason sa isipan ng mga kabataan.

Sa inculturation o pagsasakultura ng Ebanghelyo sa iba't-ibang anyo ng media ay pipili ako ng isang halimbawa na pwede nating maiugnay sa kalagayan ng ating mga kabataan ngayon – ang Pagkakaila ni Pedro kay Hesus o Peter's Denial of Jesus. Ang dahilan ng pagpili ko sa sanaysay na ito ng Ebanghelyo ay upang mapagtanto ng mga kabataan ang sakit na idinudulot nila kay Kristo sa tuwing gagawa sila ng kasalanan o anumang imoralidad. Kailangan nilang mabanaag na hindi karaniwang pangyayari lang ang paulit-ulit silang magkasala at baka sa huli'y maging manhid na sila dito. Ibig sabihin, sa tuwing magkakasala sila ay hindi na sila nakakaramdam ng kurot ng konsiyensya o guilt. Ito ang nakakatakot na maaaring mangyari, ang sila'y maging manhid sa epekto ng mga kamaliang ginagawa. Balik tayo sa pagpili ng bersong ito. Malaki kasi ang pagkakatulad o parallelism nito sa bawat isa. Katulad ni Pedro na tinawag ni Hesus upang sumunod sa kanya at maging mamamalakaya ng tao, ang mga kabataan din ay tinawag ni Hesus tulad nating lahat upang sumunod sa kanya at mabuhay ng matuwid. Habang ginagampanan ni Pedro ang mga gawain ng isang apostol at mapatatag ang kanyang pananampalataya, ang mga kabataan din nama'y unti-unting pinapausbong at pinatitibay din ang kanilang pananampalataya mula ng sila'y isilang. Sila ay bininyagan, nagbasa ng mga kwentong

pambata sa Bibliya, tumanggap ng Katawan ni Kristo sa unang pagkakataon o First Communion, dumalo sa Misa, tinuruan ng katesismo at mga aral ng simbahan ng mga magulang at guro, at marami pang iba. Heto na ngayon si Pedro na nalagay sa mahirap na sitwasyon upang subukin ang katapatan niya kay Kristo ngunit nadapa ng ipagkaila niya ang Panginoon. Gayundin naman sa ating mga kabataan, pagdating nila sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata na isang matuksong yugto sa kanilang buhay, sila rin ay nadadapa at sinusuway ang utos ni Hesus sa pamamagitan ng kanilang mga maling gawi. Hindi isang beses lang ipinagkaila ni Pedro si Hesus kundi makalawa at makatatlo pa. Paulit-ulit din namang nagkakamali ang ating mga kabataan. Ngunit sa bandang huli, matindi ang naging pagbabago ni Pedro at sumunod kay Kristo na walang takot o alinlangan man lang, hanggang ipako siya sa krus ng patiwarik. Hindi ko sinasabing kailangan ding ipako sa krus ang ating mga kabataan. Nais ko lang tumimo sa isip nila na nasa kakayahan ng bawat tao ang umiwas sa tukso at tuluyang magbago. Gaano pa man kalakas ang hatak ng mundo, hindi sila padadala dahil mas malakas at matingkad ang hila ni Hesus.

Paano ngayon ilalapat at isasama ang mga aral ng Ebanghelyo sa iba't-ibang anyo ng media? Marami itong pamamaraan kung matiyaga lang sa pananaliksik ang isang tagapagturo. Pagdating sa print media, maaaring magpagawa ng proyekto sa mga mag-aaral – ang paggawa ng sarili nilang pahayagan o magasin na ang nilalaman ay may kinalaman sa mga aral na mapupulot sa buhay ni Pedro at sa Ebanghelyo sa pangkalahatan. Tulad ng mga newsletters o Mass guide leaflets ng mga parokya o kaya naman mga Gospel Komiks o Kerygma Magazines ng mga publishing companies, pwede nilang itong gawing mga modelo o halimbawa para makalikha sila ng sariling proyekto. Ang kanilang mga natapos na proyekto ay maaari nilang gawan ng soft copy at ilagay sa internet sa pamamagitan ng pagbuo ng isang website o kahit Facebook account upang makita rin naman ng iba. Isang online exhibit kumbaga.

Pagdating naman sa broadcast media, kailangan ng masusing pananaliksik buhat sa mga guro tungkol sa mga listahan ng mga programa sa radyo at telebisyon, mga pelikula, dayuhan man o lokal, na pwede nilang imungkahi na pakinggan o panuorin at iwasan o huwag tangkilikin ng mga mag-aaral. Para maging mas matalab, dapat silang magpagawa sa mga mag-aaral ng regular na reaction o reflection papers buhat sa mga rekomendadong palabas, programa o pelikula. Narito ang ilan sa mga halimbawa ng mga programa na may aral at kagandahang-asal: sa radyo – lahat ng mga programa ng Radyo Veritas 846 (Catholic Radio of the Philippines); sa mga programa sa telebisyon – mga palabas ng EWTN (Eternal Word Television Network), TV Maria, Wansapanataym ng ABS-CBN na nanalo ng Catholic Mass Media Award (CMMA) at mga piling teleserye nito at ng karibal na istasyong GMA Network; at sa mga pelikula naman – nariyan Son of God, Passion of The Christ, Fireproof, Keeping the Faith, at marami pang iba.

At panghuli, ang itinuturing kong pinaka-maimpluwensya ay ang digital media na kinabibilangan ng internet na saklaw ang iba't-ibang social networking sites tulad ng Youtube, Instagram, Facebook at Twitter at mga CDs o DVDs na naglalaman ng iba't-ibang datos tulad ng musika, pelikula, at video games. Unahin natin ang mga video games. Ang mga tinatawag na Christian video games ay nagsimula pa noong 1980 ngunit hindi lang gaanong napapansin dahil hindi pa ganun kauso at kasikat ang mga computers. Ngunit isa sa kinahuhumalingan ng mga Kristiyanong kabataan ngayon sa Amerika na pwedeng irekomenda ng mga guro at gamitin dito sa Pilipinas ay ang Gospel Champions na nilikha ng Third Day Games, Inc. noong 2010. Isa itong Katolikong 3D action adventure PC video game na naglalaman ng iba't-ibang kwento at aral mula sa Ebanghelyo. May iba-iba itong bahagi ng naaayon kung ano ang edad ng kabataan at kakayahan nito. Maaari silang lumutas ng mga puzzles, iwasan ang mga kaaway, humanap ng mga tauhan sa Ebanghelyo, tukuyin ang mga santo at mga panalangin nila tungol sa turo ng simbahan, gumawa ng mga ipinag-uutos ng laro ayon sa Ebanghelyo, at marami pang iba. Kung gusto naman ng mga guro na talagang hands-on sila, kailangan lamang nilang imungkahi sa pamunuan ng mga paaralan ang pag-subscribe sa mga interactive learning portals (ILP) o mga E-learning na programa ng mga kolehiyo at unibersidad . Ang mga ILP ay mga makabagong online na pamamaraan para sa pagtuturo na maaaring pasukan ng mga video games ng naaayon sa Ebanghelyo. Maaari din gawing asignatura ito o kung saan mang lugar naroroon ang estudyante basta't may kuneksyon sya sa internet. Ginagawa na ito ng ilang mga paaralan sa elementarya at sekondarya sa pakikipagtulungan ng mga bihasang guro upang gumawa ng mga nilalaman ayon sa bawat tema. Ginagawa na rin ito ng ilang mga kolehiyo at unibersidad ngunit kung hindi kulang ang kanilang mga nilalaman, wala ng interes ang ilang mga guro para magsanay pa ng may kinalaman sa virtual learning. Ang ilan sa mga ILP sa bansa

ngayon ay ang Genyo ng Diwa Publishing Company at ang CE Learning ng C&E Publishing, Inc.

Ang paglikha ng blog ay malaking tulong sa mga guro upang ipalaganap ang mga aral ng Ebanghelyo tulad ng "Pagkaila ni Pedro kay Hesus." Ang blog ay pinaiksing salita para sa weblog o "talaan sa web". Isa itong website na parang isang talaarawan o diary na kung saan kalimitang isinusulat ng mga blogero ang kanilang mga pananaw, pagninilay at anumang mga saloobin. Maaaring utusan ng guro ang kanyang mga mag-aaral na regular na bisitahin ang kanyang blog. Pwedeng maging gabay din ito sa daloy ng kanilang pag-aaral sa isang paksa. Ang isa pang kinahuhumalingan ng mga kabataan ay ang mga social networking sites na kung saan naipapahayag nila ng walang maskara ang kanilang pagkatao at saloobin. Napakagandang paraan ito para sa mga guro para kaibiganin ang kanilang mag-aaral at pasukin ang kanilang mundo. Maaari din siyang maglagay ng mga aral o mga salita ng karunungan (words of wisdom) na napapatungkol sa Ebanghelyo. Isa ito sa maganda kong karanasan. Dahil halos lahat ng mga estudyante ko ay mga friends ko sa Facebook, regular akong naglalagay ng mga aral mula sa Ebanghelyo at napakarami ng nagla-like sa aking mga inilalagay doon. Nagbibigay din sila ng mga komento at opinyon tungkol sa aking nilagay kung kaya't nagiging pagkakataon ito ng pakikipagtalastasan. Ang pagpaskil ng mga larawan tulad ng mga imahe ni Pedro na kausap si Hesus sa Instagram ay isa ring magandang paraan. Tulad din ng Facebook, ang Instagram ay isang libreng application sa internet na maaari kang mag-upload ng mga larawan at bidyo at ibahagi ang mga ito sa mga tagasubaybay o mga mag-aaral. Maaari nila itong tingnan, magkomento o ibigay ang kanilang saloobin, at gustuhin ang mga inilagay.

Ang pinakahuli ay ang paggamit ng mga video clips na palagian kong ginagamit sa pagtuturo. Ang mga video clips na ito ay hindi lalampas ng 10 minuto kung kaya't hindi mababagot ang mga mag-aaral. Napaka-bisa nito dahil hindi lang sila may nakikita, may naririnig pa, audio-visual ika nga. Ayon nga kay Treichler (1967), "People generally remember 10% of what they read, 20% of what they hear, 30% of what they see, and 50% of what they see and hear." Samakatuwid, mas malaki ang bahagdan na tumatatak sa isipan kapag nakikita at naririnig mo ang tinuturo sa iyo. May tatlong uri ng video clips akong ginagamit. Una ay ang mga karaniwang video clips na inspirational at dokumentaryo na nakukuha ko sa mga websites tulad ng Youtube, Vimeo, at Metacafe. Pangalawa ay ang mga video projects na ginagawa mismo ng aking mga mag-aaral. Kailangan nila itong isumite para papanuorion naming lahat at bilang midterm requirement. Dito sila maaaring gumawa ng konsepto kung paano ihahambing ang buhay ni Pedro sa kasalukuyang panahon. Mabisa rin ito dahil sila mismo ang gumaganap sa mga videos nila. At ang pinakamisa sa tingin ko ay ang mga MTVs o Music Television Videos na ginagamit ko bilang panimulang panalangin bago umpisahan ang klase. Inihahanda nito ang klase para magkaroon ng mapayapa at seryosong kapaligiran. Ginagamit ko rin ito kung may kinalaman sa paksa na aming tatalakayin. Kadalasan, ang mga awit na ito ay religious, inspirational, instrumental, o alternative. Maaari rin naming gumawa ng inobasyon dito. Pinapalitan ko ang mga imahe sa isang sikat na MTV ng mga pangyayari buhat sa Ebanghelyo at gumagamit ako ng isang sikat na awit na kadalasa'y paborito ng mga tinedyer. Dahil dito, mas maiuugnay nila ang kanilang sarili at mas ramdam nila dahil alam nila o pamilyar sila sa awit. Sa paggamit ko ng mga video clips, naging mas epektibo ang aking pagtuturo. Napatunayan ko ito ng mabasa ko ang mas malalim na pagsusulat nila ng mga pagninilay o reflection papers at mas nag-ibayong pakikiisa nila sa talakayan sa klase. Sinundan pa ito ng makakuha ako ng sunud-sunod na gradong "Outstanding" mula sa mga ebalwasyon ng mga kapwa ko guro at sa mga komento mismo ng mga mag-aaral tungkol sa aking pagtuturo. Narito ang bahagi ng kanilang mga komento:

> *This class makes me in touch with my religious side. I was able to reflect on my religions through his way of teaching.*
>
> *He makes the lesson not boring by providing videos as examples for the lesson. The activities he makes us do are fun.*
>
> *His visuals plus discussions before, during and after every lesson helps me as a student to understand the course better.*
>
> *Sir always shows videos which are integrated in our daily lives. At the end of the class, he lets us write reflection papers in order to express what we feel, I personally think he's doing well.*
>
> *The transformative way of teaching was effective. His numerous videos definitely helped*
>
> Excellent. He's always prepared w/slideshows and many things to watch.

> *It's all good  (happy face) He is really prepared with visuals, presentations and videos for the lesson or topic that will be discussed.*
>
> *Sir Mac begins our class by praying everyday. he has different MTV prayer songs. It helps us to be spiritually attentive and focused to his lesson.*
>
> *He has a good style of teaching all set, he never used to start the lesson without pictures, videos and some materials that can help us understand the lesson in an easy way. Sir Mac is my favorite professor!*
>
> *Sir Mac is COOL! Always prepared w/videos and he discusses the message of what has been shown. (*Cordero, 2013)

Tunay nga na maraming paraan ang mga guro o sinumang tagapagturo ng Ebanghelyo kung paano pagsasamahin at ilalapat ang iba't-ibang uri ng media sa kanilang metodolohiya ng pagtuturo. Nangangailangan lamang ng tiyaga at masusing pagsasaliksik ng mga mapagkukunan ng mga gagamitin kaugnay dito. Kaakibat pa nito ay ang kagustuhan niya na matuto at masanay sa tamang paggamit nito upang siya mismo ay may natatanging karanasan sa mundong ito ng makabagong teknolohiya. It is a "matter of attitude" ika nga. Kung wala kang tamang pag-uugali para matutunan ang mga bagay na ito dahil hindi ito ang interes o linya mo o napakahirap nito para gawin mo, talagang magiging imposible ang pagsasakatuparan nito.

## KONKLUSYON

Mabilis na umiikot ang mundo pagdating sa mga kabataan. Dulot ito ng pinagsanib na pwersa ng kaisipang postmodernismo at ng makabagong teknolohiya na ipinapahayag ng iba't-ibang anyo ng mass media. Bilang guro, maaaring maiwan ka sa kanilang paglalakbay at magmistulang tuod na lamang at pinapanuod ang ilan sa kanilang mga maling gawi. Nakakagulat ang pagkiling ng maraming kabataan sa mga baluktot na paniniwala pagdating sa karahasan at imoralidad sa sekswalidad. Hindi natin lubos maisip kung bakit kinakailangan nilang sumali sa mga fraternities at sumailalim sa masakit na ritwal ng hazing. Nakakapikon din naman na sa kabila ng katakut-takot na mga pangaral ng mga magulang at mga guro tungkol sa kamalian ng premarital sex ay patuloy pa rin na ginagawa ito ng marami sa kanila. Dahil sa pagbaba ng moralidad ng mga kabataan, nararapat lamang na gumawa tayo ng paraan para hindi man tuluyang masupil ang lason na ito, ay magkaroon ng pag-asa na maaaring mag-iba ang ihip ng hangin sa mga susunod na henerasyon. Mabusisi at mahirap man ang paggamit mismo ng iba't-ibang anyo ng media sa Ebanghelisasyon, kailangang gawin ito dahil dito mismo umiikot ang kanilang mundo. Tunay na kailangan ng mga guro at tagapagturo na ilublob ang kanilang mga sarili sa mundong ito para malaman at maunawaan nila kung ano ang pinanggagalingan ng mga kabataan at sa gayon ay makabuo sila ng mga plano para maapula ang sunog na ito na maaaring tumupok sa buo nilang pagkatao. Ang sabi nga ni Padre Donovan, hindi mo maipapaliwang ang kagandahan ng pinakamagandang tanawin kung hindi ka aakyat sa tuktok ng bundok para tanawin ito. Ika nga sa wikang Latin, nemo dat quod non habet, na nangangahulugang "hindi mo maibibigay ang wala ka."

## MGA SANGGUNIAN


Allyn, D. A. (2000). *Make love, not war: The sexual revolution, an unfettered history*. Boston: Little, Brown.

Aquino, T. (2014, February 6). 1 in 3 Filipino youth aged 15-24 has engaged in premarital sex – survey. *InterAksyon.com*, Retrieved July 24, 2014 from http://www.interaksyon.com/article/80226/1-in-3-filipino-youth-aged-15-24-has-engaged-in-premarital-sex---survey.

Barron, J. (2012, December 15). Children Were All Shot Multiple Times With a Semiautomatic, Officials Say. *The New York Times*,Retrieved from http://www.nytimes.com/2012/12/16/nyregion/gunman-kills-20-children-at-school-in-connecticut-28-dead-in-all.html?pagewanted=all.

Boeringer, S. B., Constance L.S., & Akers R.L. (1991),. Social contexts and social learning in sexual coercion and aggression: Assessing the contribution of fraternity membership. *Family Relations 40*(1), 58-64.

Cordero, D. A. Jr. (2013) Moral Decline in Teens: The Application of Contextual Theology. *Asia-Pacific Social Science Review 13*(2), 24-40.

Donovan, V. J. (1991). *Christianity Rediscovered*: Philippine Edition. Quezon City: Claretian Publications.

________________, (2009, December 10). Pope Hits out at Mass Media for Poisoning People's Souls with. *The European Union Times*. Retrieved from http://www.eutimes.net/2009/12/pope-hits-out-at-mass-media-for-poisoning-peoples-souls-with-filth/.

Farber, D. (1994). *The age of great dreams: America in the 1960s*. London: Macmillan.

Kennedy, L. (2011). Two-Thirds of Teen Novels Reference Sex, Study Finds. *Parentdish*. Retrieved from http://www.parentdish.com/2011/07/19/two-thirds-of-teen-novels-reference-sex study-finds/.

Martin, P. Y. & Robert A. Hummer. (1989). Fraternities and rape on campus. *Gender & Society 3*(4), 457-473.

Merttens, R. (1994). Adolescents, Post-Structuralism, and" Playing it Cool! *Journal of Thought 29*(4), 47-54.

Risman, B. & Schwartz, P. (2002). After the sexual revolution: Gender politics in teen dating. *Contexts 1*(1), 16-24.

Rockeymoore, M. A. (2012). Black Greeks: Issues of matriculation and socialization. Fraternities and Sororities. Retrieved from http://rockeymoore.wordpress.com/tag/fraternities-and-sororities/.

See, A. B. (2014, July 1). 15 Tau Gamma Phi members hunted in hazing. *The Philippine Star*. Retrieved from http://www.philstar.com/headlines/2014/07/01/1341088/15-tau-gamma-phi-members-hunted-hazing.

Sweet, S. (1999). Understanding fraternity hazing: Insights from symbolic interactionist theory. *Journal of College Student Development 40*(4), 355-364.

Treichler, D.G. (1967). Are you missing the boat in training aid?. *Film and Audio-Visual Communications 1*, 14-16.